# Mga balita sa Tsu

Marso 2024

タガログ語



Tsu City International Exchange Association
23-1 Nishi Marunouchi Tsu City Tel:059-229-3146
http://tiea.jp E-mail:info@tiea.jp


## TULONG PINANSIYAL DAHIL SA PAGTAAS NG PRESYO NG MGA BILIHIN

- Ang tulong pinansyal na ito (70,000 yen sa bawat pamilya) ay ibibigay sa mga pamilya na exempted sa pagbabayad ng resident tax.
- Upang matanggap ang tulong na ito, kailangan niyo itong i-apply.

**Mga pamilya na pwedeng mag-apply**

**Mga nakarehistro sa Tsu City nung kasalukuyan ng (Dec.1, 2023) at lahat ng miyembro ng pamilya ay "walang singil o exempted sa pagbabayad ng resident tax" para sa 2023.**

**Note:** Hindi eligible ang "dependents ng taong mayroong singil sa resident tax" at mga pamilya na tumanggap na ng tulong pinansyal (70,000 yen) para sa mga tax exempted mula sa ibang munisipalidad".

### Nagpadala na ng notice (kakuninsho) ang Tsu City (Welfare Policy Division) nung Enero 19, 2024 sa mga pamilya na eligible sa pagtanggap ng tulong

★Mga pamilya na pwedeng tumanggap
Mga pamilya na "exempted o walang singil sa resident tax" para sa taong 2023 (Reiwa 5) at nakarehistro sa Tsu City nung kasalukuyan ng Dec. 1, 2023.

**DEADLINE NG PAGSUMITE**
**Marso 21, 2024 (Huwebes)**

**Tandaan:** Ituturing na tinatanggihan niyo ang tulong kapag hindi niyo ipinasa ang form hanggang sa itinalagang deadline kaya, siguraduhin ipasa ito kaagad.

### Mga pamilya na eligible sa tulong subalit walang natanggap na notice

Kailangan niyong mag-apply

**Panahon ng aplikasyon**
**Hanggang Marso 21, 2024 (Huwebes)**

**【Tanggapan at distribusyon ng form】**

- Welfare Policy Division Temporary window (Tsu City hall 8th Floor)
- Welfare Policy Division (Tsu City Hall 1st Floor)
- Welfare Division, Citizen Welfare Division (sa bawat general branch)

## IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBOLUNTARYO SA NAGANAP NA LINDOL SA NOTO PENINSULA NGAYONG TAON (2024)

Sa mga nagnanais magboluntaryo sa naganap na sakuna sa Ishikawa-ken, kailangan niyo po munang magparehistro. Ang mga impormasyon tungkol sa disaster volunteer work ay ipapadala sa pamamagitan ng e-mail kaya mangyaring magrehistro po muna kayo ng inyong email address.

**Pagkatapos magrehistro**

1. Makakatanggap kayo ng confirmation e-mail.
2. Sa mga sunod na araw makakatanggap kayo ng volunteer request email kaya mangyaring magpareserba pansamantala gamit ang inyong smart phone o inyong PC.

※Ang pansamantalang rehistrasyon ay hindi lamang 1 beses. Pwede kayong magrehistro ng kahit ilang beses gamit ang parehong form basta panahon pa ng aktibidad.

3. Makakatanggap kayo ng confirmation email ng inyong pansamantalang registration.
4. May matatanggap kayong email ng kumpirmasyon ng inyong pagsali. Pakibasa lamang itong mabuti at aasahan namin ang inyong pagsali sa araw ng volunteer activity.



※Bago sumali, siguraduhin munang mayroon kayong "Volunteer Activity Insurance"
Ito ay insurance kung sakaling magkaroon kayo ng injury o ang third party o kaya may masira sa kanilang mga pag-aari sa oras ng inyong volunteer activity. Bago kayo pumunta sa pinangyarihan ng sakuna, siguraduhin niyo munang pumunta sa pinakamalapit sa inyong "Shakai Fukushi Kyogi-kai" para mag-apply ng insurance.

## GAMITIN NIYO NA ANG POINTS NG SILVER EMICA HANGGANG SA MARSO!!

Ang points ng "Silver emica" ay limitado lamang hanggang 2,000 points kada taon. Kung ilan ang points na nagamit niyo hanggang Marso 31, yun lamang din ang points na ibibigay sa inyo. Kung mayroon kayong sobrang points, magagamit niyo pa rin naman ito mula Abril, subalit hindi na ito eligible sa pag-charge ng point para sa ngayong taon.




**Para sa aplikasyon at mga katanungan**
Elderly Welfare Division (Korei Fukushi-Ka) ☎059-229-3156

# METAL WELDING COURSE

**Lisensya na pwedeng makuha**

- JIS basic welding certification (SA-2F, SA-3F A-2 F)
- Certification of skill training course for gas welding.
- Certification of special education in Arc Welding.
- Certification of special education in grinding wheels.
- (Optional) Slinging skill / Tamakake training course certification



**Training period:** Abril 9, 2024 (Tue) hanggang Setyembre 4, 2024 (Wed) (6 na buwan)　8:30 am - 3:40 pm

**Tuition Fee: Libre ang matrikula** subalit mayroong babayaran na 20,000 yen sa pagpasok para sa (safety gears, uniporme at accident insurance).

**Mga maaaring mag-aral:**

- Mga nais kumuha ng skill at gustong magtrabaho sa metal forming.
- Mga dayuhan na walang restriction sa VISA para magtrabaho.
- Mga wala pang masyadong karanasan sa pagtatrabaho o hindi pa nakaranas magtrabaho.

**Selection at interview: Marso 6 (Wed) at Marso 22, (Fri)**

Sa mga interesadong mag-aral, kailangan niyo pong pumunta sa araw ng entrance selection kaya tiyaking magtanong muna sa Hello Work.

**Nilalaman ng entrance selection test:** Paliwanag tungkol sa training, paraan ng rehistrasyon, IQ test, Hiragana test at personal interview.

**Mga kailangang dalhin sa araw ng examination:** Panulat (black ballpen, lapis, pambura), Inkan, Zairyu card (Residence card), hellowork card, sertipikasyon ng pagtanggap ng unemployment insurance, Identification card (Driver's license, Health Insurance card o iba pa).

Note: Kumunsulta lamang sa incharge at huwag susuko ng dahil lang sa walang kumpiyansa sa pagsasalita ng Japanese.

**＜Para sa mga katanungan at aplikasyon＞**

Mie Kenritsu Tsu Kouto Gijutsu Gakkou　Tsu city Takachaya Komori-cho 1176-2

**Incharge**：Kato at Kitamura　☎ 059-234-3135　FAX 059-234-3668

# DEKLARASYON NG MUNICIPAL TAX

**＜Mga kailangang mag-file ng final tax return＞**

- Mga may sariling negosyo（Mga may sariling tindahan o iba pa）
- Mga tumatanggap ng suweldo na hindi nag-file ng year-end tax adjustment sa kumpanyang pinapasukan.
- Mga nag-file ng year-end tax adjustment subalit nais baguhin ang bilang ng mga dependents (sinusuportahang pamilya) o iba pa.（Nais magdagdag ng dependents）
- Mga tumatanggap ng sweldo mula sa mahigit dalawang kumpanya.

**＜Lugar at oras＞**

**Lugar:** Mie-ken Kyouiku Bunka Kaikan　5th Floor（Tsu City Sakurabashi 2-142）
**Period:** Mula Pebrero 16（Biyernes） Hanggang Marso 15（Biyernes）
**Oras:** 9:00 am hanggang 5:00 pm
**Note:** Sarado tuwing Sabado at Linggo.

**＜Mga kailangang dokumento (requirements)＞**

① Residence CardA
② Dokumento na maaaring makumpirma ang "my number"
③ Withholding tax slip (Gensen)　④Inkan (seal)　⑤Passbook　⑥Remittance Certificate
⑦ My number ng mga dependents　⑧ Mga dokumento na magpapatunay ng relasyon sa dependents o iba pa.

※Posibleng hingian ng karagdagang dokumento depende sa nilalaman ng deklarasyon.

**<Para sa mga katanungan>**

Tsu Tax Office ☎059-228-3131

# Vocational School Fair Para sa Junior at Senior high



## Marso 30, 2024 Sabado　12:30➤16:00



**2024 Spring vocational School Fiesta**

**Lugar**：UST Plaza UST Hall 4・5 F　（〒514-0009　Tsu-shi Hadoko-cho 700）

**Libre**　**Pwede kahit anong suot**　**Pwede pumunta at umuwi anumang oras**

**OK sumali kahit sa mismong araw**　**Welcome din ang mga dayuhang mag-aaral**

Para sa pagsali ↓

Pwede rin kayong kumunsulta tungkol sa scholarship

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Cooking | Caregiving | Beauty Care | Patisserie | Nursing |
| Physical Therapy | Secretary | Social Welfare | Dental hygienist | |
| IT/ Hotel bridal | | Esthe, Make-up | | |

**＜Para sa mga katanungan ＞**

Mie-ken Sensyu Gakkou Kyoukai (Tsu City Kamihama-cho 1- 2934）　☎ 090-1563-9743

# LINGGO NG PAG-IWAS SA SUNOG SA TAGSIBOL

## (Marso 1-7)

Nanatiling tuyot pa rin ang hangin na kung saan heto ang mga panahon na madaling magkaroon ng mga sunog. Upang maprotektahan ang buhay at mahahalagang ari-arian mula sa sunog, hinihikayat ang lahat na sumali sa mga isinasagawang fire prevention drill sa bawat lokal.



**I-check ng regular ang fire alarm sa inyong bahay**

- Pindutin ang button o kaya hilain ang string para patunugin ang alarm upang masiguro kung gumagana ba ito ng maayos. Palitan din kaagad ito o ang battery nito kung hindi na ito gumagana o kaya sira na.

**Mag-iingat sa sunog kapag may mga kalamidad**

Dahil sa mga kalamidad na gaya ng bagyo, lindol at iba pa, nagkakaroon ng matagal na brownout o blackout. At kapag bumalik na ang kuryente, dito na nagsisimulang magkaroon ng sunog dahil sa mga nalaglag na damit sa electric heater o kaya pag liyab ng mga natumbang heater. Upang maiwasan ang pagkakaroon ng ganitong sunog pagkatapos ng sakuna, sikaping magpakabit ng automatic circuit breaker na kusang tumitigil ang daloy ng kuryente kapag may lindol o kaya siguraduhing i-off muna ang circuit breaker o ang main switch ng fuse box bago lumikas.

**Wastong pagtapon ng hindi na ginagamit na kerosene**

Ang maling pagtapon ng mga hindi na ginagamit na kerosene ay maaaring magdulot ng malalang sunog at masamang epekto sa kapaligiran.

### KAPAG MAGTATAPON NG KEROSENE




- Kapag kaunti lamang, ipasipsip ito sa papel o tela at itapon sa nasusunog na basura.
- Kapag marami naman, mangyaring kumunsulta sa binilhan nito o kaya sa gasoline station.

※Magtanong na lamang sa gasolinahan kung gaano karami at magkano ang babayaran para sa pagpapatapon.

※May posibilidad na kayo ay tanggihan ng tindahan kapag hindi sila tumatanggap o kaya madami ang inyong ipapatapon.

# Mother's CHATTING

## PARA SA MGA DAYUHANG INA

*May mga pagkakataon ba na nahihirapan kayo sa pagpapalaki ng inyong anak dito sa Japan?
*Halina't subukang makipag-usap sa iba ring mga dayuhang nanay.
*Mayroon din ditong nanay na marunong makipag-usap sa English.

- **Walang bayad ang pagsali** • **Hindi kailangan ng reserbasyon** • **Pwedeng isama ang bata**

**Kailan:** Marso 20, 2024 (Wed) 10:30-12:00 (Punta lamang kayo sa oras na gusto niyo)
**Lugar:** Region Plaza 2nd Floor Meeting room No.6
**Nilalaman:** Tuturuan ang mga bata ng mga laro gamit ang kamay.

Pwede ring sumali ang mga Japanese

**<Para sa mga katanungan>**
WELCOME (Consultation desk para sa mga dayuhan)
☎ 059-6874-2643 welcome2020@outlook.jp

# Kanselasyon ng maliliit na sasakyan (kei) at motorsiklo

Sa mga may maliit na sasakyan at motorsiklo, sisingilin po kayo ng buwis mula sa Abril 1 para sa buong taon kung sa pangalan niyo pa rin ito nakarehistro sa kasalukuyan. Kung nais niyo ng ipakansela ang rehistro nito o papalitan ng pangalan, gawin niyo na ito ngayong Marso. Dahil kung hindi niyo ito mapapakansela, patuloy pa rin kayong sisingilin ng buwis.

# Pagpalit ng nakapangalan sa sasakyan



### Requirements

- Inkan (seal) ng dati at bagong may-ari ng sasakyan.
- Original copy ng "Shaken-sho" o sertipiko ng inspeksyon ng sasakyan.
- Car Insurance
- Inkan Certificate ng bagong may-ari ng sasakyan
- Juminhyo ng bagong may-ari ng sasakyan

### ☆Pagpalit ng nakapangalan, at pagkansela ng rehistro ng sasakyan

| Uri ng sasakyan | Lugar at kontak para sa pagproseso |
|---|---|
| • Scooter（125cc pababa）<br>• Maliliit na espesyal na sasakyan | • Municipal Tax Division 2F ng Tsu City Hall（☎：059-229-3129）<br>• Shimin fukushi ka sa bawat general branch ※Hisai general branch o municipal tax division sa hisai branch |
| • Light motor bike (mahigit125 at 250cc pababa）<br>• Maliit na motorsiklo（250cc mahigit） | • Mie Transportation Office（☎：050-5540-2055）<br>【Add：Tsu-shi Kumozu Nagatsune-cho Azarokunowari 1190-9】 |
| • Sasakyan na may 3 gulong<br>• Maliliit na sasakyan (kei) | • K-Car Inspection Association（☎：050-3816-1779）<br>【Add：Tsu-shi Kumozu Nagatsune-cho Azarokunowari 1190-10】 |

# Suicide prevention month

Dito sa Japan, kada taon halos mahigit 20,000 ang buhay na nawawala dahil sa pagpapakamatay. Ang patong-patong na problema tulad ng bullying, kalungkutan, sobrang kahirapan, karamdaman, mga alitan, pagkawala ng trabaho, pagkalubog sa utang at iba pa ang siyang nagiging dahilan kung kaya't nawawalan ng ganang mabuhay ang isang tao kaya tumataas ang posibilidad ng pagpapakamatay. Kung may mga napapansin kayo sa mga kakilala niyo o malalapit sa inyo na nag-iba ang kilos gaya ng "hindi makatulog""walang ganang kumain""hindi na masyadong nagsasalita" o iba pa, subukan niyo itong kausapin. Gagaan ang pakiramdam at magiging matiwasay ang pag-iisip at maiiwasan din ang kalungkutan ng isang problemadong tao kung mayroon silang karamay at makikinig sa kanila. Mahalaga rin ang kumunsulta sa mga dalubhasa at huwag sasarilinin at lulutasin mag-isa ang mga problema.

***Ang paglabas ng mga suliranin ay unang hakbang upang malutas ito.***

**Yorisoi Hotline ☎0120-279-338 ＊Kung kailangan ng interpreter 059-229-3146**

## POPULASYON NG MGA DAYUHANG RESIDENTE SA TSU

（Kasalukuyan ng Pebrero 1, 2024）

| Bansa | | Populasyon | Nadagdag at na bawas sa 1 buwan |
|---|---|---|---|
| 1 | Brazil | 2,241 | -15 |
| 2 | Philippines | 1,796 | 12 |
| 3 | Vietnam | 1,698 | 1 |
| 4 | China | 1,257 | -6 |
| 5 | Indonesia | 634 | 14 |
| 6 | Nepal | 519 | -1 |
| 7 | Bolivia | 432 | 1 |
| 8 | Korea | 404 | 1 |
| 9 | Myanmar | 263 | 4 |
| 10 | Thailand | 248 | -2 |
| Iba pa | | 871 | 15 |
| Total | | 10, 363 | 24 |
| Populasyon ng Tsu | | 270,713 | -287 |

## KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHANG RESIDENTE

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan sa city hall gaya ng bayarin sa buwis, social assistance, edukasyon at iba pa, mayroon po tayong interpreter sa International Exchange Section (Shimin-koryu-ka) sa wikang **Portuguese**, **Spanish**, **English** at **Tagalog** kaya huwag kayong mag-atubiling kumunsulta. Mayroon din ditong interpreter sa 14 na wika sa pamamagitan ng video call gamit ang tablet.

**< Para sa mga katanungan >**

International Exchange Section

Shimin-koryu-ka ☎ 059-229-3102

## GAMBARUKAI

### ～Japanese class～

**Lugar**：Takachaya Shimin Center

**Oras**： 6:30 - 8:00 pm (Kada Sabado)

**Bayad**：Adult・100 yen 1beses Bata・Libre

★Sali na sa Japanese Class!

★Tuturuan dito ang mga bata sa kanilang homework.

★May mga volunteer na tumutulong sa pagtuturo.

## JAPANESE CLASS

### SA ARAW NG LINGGO

**Venue**：Tsu Center Palace 2F
Chuo Kominkan

**Oras:** 6:00 pm- 7:45 pm

**Klase sa buwan ng Marso**

Petsa: (3, 10, 17, 24 at 31）

**Fee**：Libre

**Para sa mga katanungan**

Shimin-koryu-ka ☎059-229-3146

## VOLUNTEER JAPANESE-LANGUAGE CLASS PARA SA BUWAN NG MARSO

| Geino Sougou Bunka Center 2F | Hisai Sogo Fukushi Kaikan | Kawage Kominkan 2F |
|---|---|---|
| Sabado | Biyernes | Linggo |
| 2, 16 | 1, 8, 15, 22 | 3, 10, 17,24 |
| 18:00～19:30 | 19:00～20:30 | 13:00～16:00 |
| Tsu-shi Geino-cho Mukumoto 6824<br>☎059-265-6000 | Tsu-shi Hisai Higashi-Takatomachi 20-2<br>☎059-255-8839 | Tsu-shi Kawage-Cho Hamada 742<br>☎059-244-1701 |